

Paano Pag-usapan Ang Tungkol sa Pampublikong Kargada (Public Charge) Kasama Ang Mga Imigrante at Kanilang Pamilya

Binubuod ng lagom sa isyu na ito ang mga nakatataas na mensahe ng Kampanya sa Pagprotekta ng Mga Pamilyang Imigrante at mga gabay sa pag-uusap na nirerekomenda kung nakikipag-ugnayan sa mga komunidad ng mga imigrante.

Mangyaring gamitin ang pangunahing mensahe, kasama ng alinman sa o lahat ng mga nakatataas na mensahe. Sinusundan ang mga mensahe ng isang higit na malawak na pangkat ng mga gabay sa pag-uusap na nakahanay sa mga nakatataas na mensahe.

Kailangan din maging malaya ang mga kabahagi na iakma ang anuman sa mga mensahe — kabilang ang partikular na pagkakasulat ng pangunahing mensahe — upang maiangkop sa mga komunikasyon at estratehiya sa pakikisangkot sa komunidad ng kanilang organisasyon. Bilang halimbawa, binabanggit ng mga gabay sa pag-uusap ang pagtaas ng kahirapan at pagkagutom bilang mga maaaring mangyaring bunga ng mga panukalang pagbabago sa patakaran sa pampublikong kargada ng administrasyong Trump, ngunit kung nakikipagtulungan ang iyong organisasyon sa mga isyu sa kalusugan, hinihikayat ka naming magdagdag ng "mga hindi natutugunang pangangailangan sa kalusugan" o ang piling wika ng iyong organisasyon na may kinalaman sa problema.

Available din bilang mapagkukunan ang mas mahabang lagom ng isyu na tinatalakay ang pampublikong kargada: www.nilc.org/exec-orders-and-access-to-public-programs/.

Mga nakatataas na mensahe

Pangunahing mensahe

- Hindi ka nag-iisa, at may panahon pa upang muling lumaban.

Iba pang mga nakatataas na mensahe

- Hindi pa nagbabago ang mga desisyon sa patakaran sa pampublikong kargada na ginawa sa loob ng U.S.
- Burador (draft) pa lamang ang panukalang tuntunin. Sa sandaling ipahayag ito, kailangan tanggapin at tumugon ng pederal na ahensiya sa mga komento rito. Hindi ito ipapatupad hanggang ito ay mawakasan, na mangangailangan ng karagdagang oras.
- Hindi lahat ng mga imigrante ay napapasailalim sa pagsusuri sa pampublikong kargada.
- Tumitingin ang pagsusuri sa lahat ng mga kalagayan ng tao, at tinitimbang ang mga positibong salik laban sa anumang mga negatibong salik.
- Kung maging pinal ang panukalang tuntunin, hindi maisasaalang-alang ang mga benepisyong noncash (bukod sa pangmatagalang pangangalaga) na ginamit bago ang oras na iyon. Maaaring makatulong ang paggamit ng mga benepisyo ngayon sa iyo at sa mga miyembro ng iyong pamilya upang maging mas malusog, mas malakas, at mas angkop sa trabaho sa hinaharap.
- Pinoprotektahan ng mga pederal at pang-estadong batas ang pagkapribado ng mga taong nag-aaplay para sa o tumatanggap ng kasaklawan sa pangangalaga sa kalusugan, nutrisyon, suportang pinansyal, o iba pang mga pampublikong benepisyo.
- Kumuha ng tulong sa pagdedesisyon kung ano ang pinakamabuti para sa iyong pamilya, at kung kaya mo, kumonsulta sa isang abogado sa imigrasyon o sa isang kinatawan na sertipikado ng Lupon ng Mga Apela sa Imigrasyon tungkol sa iyong sariling sitwasyon.

Mga gabay sa pag-uusap

Hindi ka nag-iisa. Pupuwersahin ng burador na tuntunin sa pampublikong kargada ng administrasyong Trump ang mga pamilyang imigrante na mamili sa mga bagay na kailangan nila at mga taong minamahal nila. Maaapektuhan ng mga nagbubungang pagtaas sa kahirapan, pagkagutom, at iba pang mga panlipunang problema ang milyon-milyon, kaya nagiging isa itong banta sa buong bansa.

May panahon pa upang muling lumaban. Ang mga tao sa buong bansa ay naninindigan laban kay Trump at muling lumalaban kontra sa mapang-abusong panukalang ito na baguhin ang patakaran sa pampublikong kargada. Nagkakaisa ang mga nangungunang boses para sa kalusugan, nutrisyon, oportunidad sa ekonomiya, at katarungang panlipunan sa pagsalungat sa mga panukalang pagbabago sa patakaran sa pampublikong kargada. Pinatutunog nila ang hudyat sa mga balita, nakikipag-ugnayan sa mga mambabatas, at pinakikilos ang mga komunidad tulad ng sa iyo upang labanan ang mapang-abusong patakaran ito. Samahan kami sa pagbabahagi ng iyong kuwento, pagsusumite ng mga komento sa sandaling mailathala ang burador na tuntunin sa pampublikong kargada, at pagpapaalam sa iyong mga mambabatas na may pakialam ka tungkol sa isyung ito!

Hindi pa nagbabago ang mga tuntunin sa mga desisyon sa pampublikong kargada. Habang nagsimula na ang pagpapairal nang mas malawak na pagsusuri sa pampublikong kargada ng mga konsulado ng U.S. sa ibang bansa, umiiral lamang ang mga pagbabagong ito sa mga indibidwal na naghahangad na makapasok sa U.S. mula sa ibang bansa o sa mga indibidwal na dapat pumunta sa ibang bansa upang iproseso ang kanilang aplikasyon. Para sa mga aplikasyon sa green card na pinoproseso ng Mga Serbisyo para sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng U.S. (U.S. Citizenship and Immigration Services o USCIS) sa U.S., hindi pa nagbabago ang mga tuntunin sa pampublikong kargada.

Nasa anyong burador pa lamang ang tuntunin. Hindi pa ito maaaring ipatupad habang hindi pa ito nagiging pinal, na mangangailangan ng karagdagang oras.. Sa katunayan, hindi pa naipapanukala ng administrasyong Trump ang tuntunin. Nakita pa lamang namin ang mga burador na hindi kumpleto. Kung ilalathala ng administrasyon ang tuntunin, binibigyan tayong lahat ng batas ng isang pagkakataon na magpahayag ng paglaban bago gawing pinal ng pamahalaan ang tuntunin. Sa sandaling maisumite ang mga komento tungkol sa tuntunin, maaaring magtagal ang proseso ng pagrepaso ng ilang buwan. Sa katunayan, hindi pa nagagawang pinal ang ilang mga pinapanukalang tuntunin. Kung ginawang pinal na ang tuntunin, hindi pa ito maaaring magkaroon ng bisa hanggang ilang linggo o buwan pagkatapos mailathala ang pinal na bersiyon.

Hindi nasasakop ang ilang imigrante para sa pagsusuri sa pampublikong kargada ayon sa batas. Ang mga hindi nasasakop na imigrante ay kinabibilangan ng: mga refugee; mga asylee; mga nakaligtas mula sa pagkalakal ng tao, karahasan sa tahanan, o iba pang mga malubhang krimen (mga aplikante/may hawak ng T o U visa); mga may sariling petisyon sa VAWA; mga espesyal na mga batang imigrante; mga partikular na taong pinalaya papunta sa U.S.; at mga may hawak ng green card na nag-aaplay para sa pagkamamamayan sa U.S. Kahit pa gawing pinal ang burador na regulasyon, hindi mapapasailalim ang mga grupong ito sa pagsubok sa pampublikong kargada.

Tinitimbang ng pagsusuri sa pampublikong kargada ang mga positibong salik laban sa anumang mga negatibong

salik. Kailangang tingnan ng mga opisyal ng imigrasyon ang lahat ng iyong mga kalagayan upang matukoy kung ikaw ay may pagkakataong maging isang pampublikong kargada sa hinaharap. Kabilang dito ang iyong edad, kalusugan, kita, mga pag-aari, mga pinagkukunang yaman, edukasyon/mga kakayahan, pamilyang kailangan mong suportahan, at ang pamilyang susuporta sa iyo. Maaari din nilang isaalang-alang kung may nilagdaang sinumpaang pahayag ng pagsuporta (o kontrata) ang isponsor na nangangakong susuportahan ka. Maaaring timbangin ang mga positibong salik laban sa anumang mga negatibong salik.

Kung gawing pinal ang tuntunin, magkakaroon ka ng oras upang kumilos bago magkaroon ng bisa ang tuntuning ito. Batay sa naiswalat ng mga burador na panukala, ang mga benepisyong dating ibinukod mula sa

pagtukoy sa pampublikong kargada (tulad ng Medicaid at SNAP, ang Suplementong Programa sa Tulong sa Nutrisyon o Supplemental Nutrition Assistance Program)

ay maisasaalang-alang lamang kung matatanggap ang mga benepisyong iyon 60 araw matapos mailathala ang pinal na tuntunin. Maaaring makatulong ang paggamit ng mga benepisyo ngayon sa iyo at sa mga miyembro ng iyong pamilya upang maging mas malusog, mas malakas, at mas angkop sa trabaho sa hinaharap. Kailangang gumawa ang mga pamilya ng mga indibidwal na pagtukoy batay sa kanilang mga natatanging kalagayan.

Pinoprotektahan ng mga pederal at pang-estadong batas ang pagkapribado ng mga taong nag-aaplay para sa o tumatanggap ng coverage sa pangangalaga sa kalusugan o tulong sa nutrisyon, suportang pinansyal, o tulong mula sa iba pang mga pampublikong programa. Hindi dapat hilingin ng mga aplikasyon para sa mga pampublikong programa ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng imigrasyon ng mga hindi aplikante sa sambahayan. Maaaring magbahagi ng impormasyon ang mga ahensiya sa benepisyo sa iba pang mga ahensiya ng pamahalaan para lamang sa mga layunin ng pangangasiwa sa kanilang mga programa, na may mga limitadong pagbubukod. Maaari kang magbigay ng kinakailangan lamang na impormasyon at hindi dapat magsinungaling tungkol sa kung anuman tuwing kinukumpleto ang mga aplikasyon sa pampublikong benepisyo sa anumang ahensiya ng pamahalaan.

Kumuha ng tulong sa pagdedesisyon kung ano ang pinakamabuti para sa iyong pamilya at kung kaya mo, kumonsulta sa isang abogado sa imigrayon o sa isang kinatawan na sertipikado ng BIA tungkol sa iyong sariling sitwasyon. Sinusubaybayan ng mga tagapagtaguyod at ng mga provider ng serbisyong pangkalusugan at panlipunan sa buong bansa ang tuntunin sa pampublikong kargada. Maaaring tumulong ang maraming lokal na pinuno ang mga sangkot na pamilya sa paghanap ng tulong sa imigrasyon na libre o mababa ang gastos. Maaaring mong gamitin ang online na direktoryong ito upang hanapin ang mga lokal na organisasyong nonprofit na nagbibigay ng legal na tulong at payo: <https://www.immigrationlawhelp.org/>.